

# KARAPATANG PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN NG MGA MANGGAGAWA

Dapat na protektahan ng iyong pinagtatrabahuan ang iyong kalusugan at kaligtasan. Ito ang batas.

Bilang manggagawa, ikaw ay may karapatang:



**Malaman**



**Makilahok**



**Tanggihan ang Hindi Ligtas na Trabaho**

## Karapatang Malaman



...ang anumang bagay na makakasakit o makapagdudulot ng sakit mula sa trabaho tulad ng:



Kemikal o produktong iyong ginagamit o nasa iyong kapaligiran



Kasangkapan o kagamitang ibinigay sa iyo upang gamitin



Mga trabahong ipinagagawa sa iyo



Mga virus na nakapagdudulot ng sakit o karamdaman

Ang iyong pinagtatrabahuan ay **dapat na magbigay ng mga kaukulang pagsasanay o training** sa:



Paggawa ng iyong trabaho upang hindi ka magkasakit, mapahamak o masaktan



Paggamit ng mga pamprotektang kagamitan at kasuotan



Pag-ulat ng mga panganib o hazards



Paggamit ng mga data sheet, label, marka o tatak sa mga mapanganib na produkto (WHMIS)

## Karapatang Makilahok



Ang bawat manggagawa ay may karapatang mapabilang sa usaping pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuan. Ibig sabihin, ikaw ay may kakayahang:



Magtanong o mag-ulat ng mga panganib



Maging bahagi ng mga talakayan tungkol sa panganib o problema sa kalusugan at kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuan



Sumali sa lupon na pangkalusugan at pangkaligtasan ng mga manggagawa at may-ari ng pagawaan\*; maaari kang maging kinatawan ng samahang pangkalusugan at pangkaligtasan.

\*ang mga unyon ang pumipili ng mga manggagawa; kung walang unyon, ang mga manggagawa ang pumipili

Kung mayroong **higit sa limang (5) manggagawa** sa iyong lugar na pinagtatrabahuan, **dapat na mayroong manggagawang kinatawan sa samahan o pinagsamang lupon ng manggagawa at may-ari ng pagawaan na tututok sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.**



## Karapatang Tanggihan ang Hindi Ligtas na Trabaho



Ikaw ay may **karapatang tanggihan** ang trabahong sa iyong palagay ay mapanganib sa iyo o sa iba pang manggagawa.

Mayroong mga paraan upang tumanggi sa mapanganib na trabaho. Tingnan ang asul na paskil o poster, **Karapatang Tanggihan**, para sa mga detalye:



**Ilegal** para sa may-ari ng pagawaan ang:



Magparusa



Magtanggap



Gumanti sa iyo sa anumang paraan

...kung ikaw ay:



Nagpahayag ng iyong saloobin o opinyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan



Nakilahok sa mga gawaing pangkalusugan at pangkaligtasan



Tumanggi sa hindi ligtas na trabaho

Kung sa iyong paningin ay nangyari na ito sa iyo o ikaw ay nababahalang maari itong mangyari, humingi ng tulong sa mga samahang nasa ibaba:

Occupational Health Clinics for Ontario Workers Inc.  
**OHCOW**.on.ca  
1-877-817-0336  
ask@ohcow.on.ca

Local Legal Aid Clinic  
Hanapin ang pinakamalapit sa iyong lugar.  
**1-800-668-8258\***  
[www.legalaid.on.ca/legal-clinics/](http://www.legalaid.on.ca/legal-clinics/)

Ministry of Labour, Training, Skills and Development (MLTSD)  
Health and Safety Contact Centre  
**1-877-202-0008\***  
Pindutin ang numero 1 sa telepono para sa mga Pagtanggap sa Trabaho  
webos@ontario.ca

\* Maaaring magtanong kung may taong nagsasalita ng iyong lenggwahe.